



## Kabanata 14: Mga Karapatan ng Mamimili

Ang Hong Kong ay isang magandang lugar para mamili. Ngunit katulad din sa ibang lugar, kailangan mong gumamit ng sentido komun upang matiyak na makakuha ng pinakamahusay na alok.

Una, subukang paghambingin ang mga presyo sa iba't ibang tindahan (tingnan ang Tip sa ibaba). Dahil walang kontrol sa presyo sa Hong Kong, maaaring makipagtawaran sa presyo ang mga mamimili kung gusto nila. Magiging napakahirap para sa inyo ang mabawi ang inyong pera kapag nalaman na ninyo na ang kaparehong bagay ay mas mura sa isang mas malapit na tindahan at matatanto ninyo na masyadong mahal ang siningil sa inyo.

*Tip: Magtingin-tingin muna sa mga tindahan at ikumpara ang mga presyo bago bumili. Ngunit mag-ingat kapag napakababa ng presyo - maaaring isa itong panlilinlang!*

### Pagbili ng parallel goods

Ang Hong Kong ay isang free port kaya maaaring mag-angkat ang mga importer ng mga paninda saanmang lugar na gusto nila. Ang ibig sabihin nito, maaaring makasumpong ka ng mga pinakabagong model na inangkat nang direkta mula sa pabrika at sa bansang pinagmulan ng mga ito

Gayunpaman, ang ilang mga produkto ay nakakapasok sa Hong Kong nang hindi dumadaan sa mga awtorisadong ahente. Ang mga “parallel import” o “grey market” na mga panindang ito ay kadalasang mas mura kaysa sa katulad na produkto na ipinasok ng mga awtorisadong ahente. Hindi ito labag sa batas sa Hong Kong, pero maaaring hindi kayo makakuha ng isang pandaigdigang warantiya. Kaya kung bibili ka ng isang bagay na plano mong ipadala sa iyong bansa bilang regalo o dalhin sa pag-uwi mo sa iyong sariling bansa, dapat kang maghanap ng mga bilihin na sakop ng internasyonal na garantiya (international warranty).

*Tip: Kung ayaw mong bumili ng mga parallel import good, laging sabihin sa nagtitinda na gusto mong bumili ng produkto na garantisado ng awtorisadong ahente ng Hong Kong. Kunin ang nasusulat na garantiya bago ka magbayad.*

## Pagsasauli ng mga binili

Ang patakaran sa pagsasauli ay nag-iiba-iba sa bawat tindahan at negosyo. Kadalasan, ang mga depektibong paninda lamang ang maaaring ibalik upang palitan. Kaya huwag umasang mapapalitan o maisasauli mo ang isang produkto dahil lang sa nagbago ang iyong isip pagkatapos mo itong bihin.

### ***Babala:***

***Mag-ingat sa mga manlolokong tindero! Bait-and-switch (pagpapaasa sa isang produktong mababa ang presyo at pagkatapos ay sasabihing ang mas mataas na presyo lang ang available) ay nangyayari sa Hong Kong. Palaging tingnan muna ang impormasyon ng produkto.***

## Mga tip para sa matalinong pamimili

- Tanungin ang iyong mga kaibigan sa Hong Kong kung sa aling mga tindahan pinakamagandang bumili sa pinakamagandang presyo.
- Bumisita sa isang Consumer Council Advice Centre o sa mga awtorisadong ahente para sa impormasyon ng produktong iyon tulad ng mga feature, report sa pagsusuri, performance at serbisyo pagkatapos mabili ang produkto bago magpasya kung aling produkto ang bibilhin. Kapag nakapagpasya ka na sa isang model, huwag hayaan ang nagtitinda na kumbinsihin kang bumili ng ibang (mas mahal) na model.
- Ang masyadong mababang presyo ay maaaring maging isang bitag para sa bait-and-switch (tingnan sa itaas).
- Bago magbayad, sabihin sa nagtitinda na isulat sa resibo kung ano ang ipinangako sa panahon ng pakikipagtransaksyon.
- Huwag ibigay ang iyong credit card kahit kanino bago matapos ang transaksyon. Pumirma lang sa credit card slip na angkop na napunan. Tandaan na kumuha ng kopya ng voucher pagkatapos itong pirmahan.
- Kapag napirmahan na ang voucher, tapos na ang transaksyon. Napakaliit na ng tsansa sa pagkansela.
- Tingnan ang lahat ng detalye ng binili at tiyaking nakasulat ang mga ito sa resibo. Kapag hindi tama ang mga ito, huwag magbayad.
- Inspeksyunin ang mga pinamili at tiyaking ito mismo ang sinang-ayunan mong bilhin.
- Kapag nagkaroon ng pagtatalo, huwag manatili sa tindahan at makipagtalo. Kunin ang resibo at lumapit sa alinman sa Pulis o sa Consumer Council sa lalong madaling panahon.

## Ang Consumer Council

Ang Consumer Council ay isang independiyenteng pampublikong organisasyon na nangangalaga sa iyong mga karapatan at interes bilang isang mamimili. Makakatulong din ito sa paglutas ng mga problemang maaaring maranasan mo habang namimili sa Hong Kong. Ang Hotline nito para sa Reklamo at Tanong ay **2929-2222**. Matatagpuan ang mga Consumer Council Advice Centre sa mga sumusunod na address -

### HONG KONG ISLAND

Address	Fax
North Point Consumer Council Advice Centre Room 1410, 14/F, Kodak House II 39 Healthy Street East, North Point, Hong Kong	2590-6271

### KOWLOON

Wong Tai Sin Consumer Advice Centre Unit 201, 2/F, Lung Cheung Office Block 138 Lung Cheung Road, Wong Tai Sin, Kowloon	2323-9496
Sham Shui Po Consumer Advice Centre G/F, Cheung Sha Wan Government Offices 303 Cheung Sha Wan Road, Sham Shui Po, Kowloon	2708-2713
Tsim Sha Tsui Consumer Advice Centre G/F, Consumer Council Resource Centre 3 Ashley Road, Tsim Sha Tsui, Kowloon (Pansamantalang nakasara dahil sa mga ginagawang pag-aayos. Suspendido ang serbisyo mula 9 Abril 2018 hanggang sa maagang bahagi ng 2019.)	

### NEW TERRITORIES

Tsuen Wan Consumer Advice Centre Room 105, 1/F, Princess Alexandra Community Centre 60 Tai Ho Road, Tsuen Wan, NT	2413-7042
Yuen Long Consumer Advice Centre G/F, Yuen Long District Office Building 269 Castle Peak Road, Yuen Long, NT	2474-7971

Sha Tin Consumer Advice Centre Room 442, 4/F, Sha Tin Government Offices 1 Sheung Wo Che Road, Sha Tin, NT	2695-1964
--	-----------

Mga oras na bukas ang Consumer Advice Centre:

Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga public holiday):

9:00 am - 1:00 pm

2:00 pm - 6:00 pm

